SACRAMENTO METROPOLITAN AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

**PAMPAGSASANAY NA PAGSUSULIT SA KAMALAYAN SA USOK**

**ABISO #: _______________**

1. Ang panahon ng *Suriin Muna Bago Magsunog (Check Before You Burn)* ay nagsisimula sa unang araw ng ____________ at nagwawakas sa huling araw ng __________ ng bawat taon.

| | *Nagsisimula sa unang araw ng* | *Nagwawakas sa huling araw ng* |
|---|---|---|
| a. | Oktubre | Marso |
| b. | Nobyembre | Pebrero |
| c. | Oktubre | Enero |
| d. | Nobyembre | Marso |

2. Ang nasusunog na kahoy ay naglalabas ng maraming polusyon sa hangin, kabilang na ang mga particulate na bagay. Ang particulate na bagay ay isang masalimuot na halo na maaaring naglalaman ng ___________.
   - a. uling
   - b. mga metal
   - c. alikabok
   - d. Lahat ng nasa itaas

3. Ang particulate na bagay (kilala ring PM 2.5) na nailalabas mula sa pagsunog ng kahoy sa residensya ay makapagdudulot ng seryosong mga problema sa kalusugan, kabilang ang panghihina ng baga, lumalalang hika, pabalik-balik na sakit sa paghinga ng mga bata, di-regular na pintig ng puso, di-nakamamatay na atake sa puso, at maagang pagkamatay.
   - a. Totoo
   - b. Hindi Totoo

4. Walang sinuman ang maaaring magsunog o mag-operate ng isang device sa pagsunog ng kahoy kapag nagdeklara ng Yugto 2 – Araw na Pinagbabawal ang Lahat ng Pagsusunog, maliban kung ang device ay isa sa mga eksemsyon na pinahihintulutan batay sa Alituntunin 421.
   - a. Totoo
   - b. Hindi Totoo

5. Sa Sacramento County, ang pagsusunog ng kahoy ay nagdudulot ng higit sa 50 porsiyento ng polusyon sa panahon ng taglamig kung ito ay ihahambing sa polusyon na dinudulot ng emisyon ng mga sasakyan sa panahon ng tag-init.
   - a. Totoo
   - b. Hindi Totoo

6. Sa kapanahunan ng *Suriin Muna Bago Magsunog (Check Before You Burn),* maaari ninyong tingnan ang estado ng araw-araw na pagsunog sa pamamagitan ng alin sa sumusunod na pamamaraan.
   - a. www.airquality.org
   - b. Sacramento Region Air Quality App
   - c. 1-877-662-8765 (1-877-No-Burn-5)
   - d. Ang weather page ng Sacramento Bee (i-print))
   - e. Twitter @AQMD
   - f. lahat sa itaas

7. Sa taglamig kung kailan natin higit na pinapainit ang ating mga bahay, kapag kaunti ang hangin sa mga malalamig na gabi, ang usok at polusyon sa hangin ay nanatiling stagnant at ________________ .
   - a. hinihipan ng hangin
   - b. nasa ibabaw ng hangin
   - c. nasa lupa
   - d. mabilis na mawawala

8. Ang mga kalan na U.S. EPA certified ay higit na umiinit at hindi gaanong nagdudulot ng polusyon.
   - a. Totoo
   - b. Hindi Totoo

9. Kung kailangan ninyong magsunog ng kahoy, alin sa sumusunod na mga tip ang makakadagdag sa pagtitipid (efficiency) at makapagbabawas sa polusyon?

    a. simulan ang apoy sa pagsunog sa malambot na kahoy (soft wood)
    b. gumamit ng mga matitigas na kahoy o hardwood para mas malinis ang pagsunog
    c. sunugin lamang ang seasoned na panggatong na kahoy
    d. lahat sa itaas

10. Ang pagsunog ng basura, langis, treated na kahoy, goma, at mga plastic sa inyong wood stove ay makakadagdag sa mga particulate at nakalalasong emisyon.

    a. Totoo
    b. Hindi Totoo